# Pañgarap ng̃ Makatà

(*Karugtong.*)

Dalawang araw ang nakalípas mulâ ng̃ managinip si Makatà, at noo'y umaga.

Sa baybaying dágat ng̃ bayan ng̃ M... ay dalawang binibini ang malayang nagliliwaliw, mahinay na mahinay ang kanilang lakad, at mandi'y mataimtim na sinasagap nilá ang kawiliwiling simoy na inihahandog sa gayong kaáyaayang sandalî.

Ang kalawakan ng̃ dágat na kanilang natatanaw, ang malagaslás na simpok ng̃ álon na halos makabasâ sa kanilang mg̃a páa, at ang kalinisan ng̃ buhang̃ing kanilang niyayapakan ay labis nang makapawì ng̃ kanilang kalungkutan kung mayroon man sakalì. At kung maidaragdag pá dito ang masayang huni ng̃ mg̃a ibong nagsasalimbayan sa kanilang tapat na wari'y ipinagtatalik ang kanilang paglilibang sa mg̃a lugal na yaon, ay dapat na ng̃ang masábi na sila'y mapapálad.

Si Lualhati at si Sinag-talà ang dalawang binibining iyan: kapwâ silá maganda, kapwâ sila may mg̃a ng̃iting kaákit-ákit at may mg̃a sulyap na mapanghalina; anopa't ang kanilang katang̃ian ay maiimit ding pang̃arapin ng̃ maraming pusong uhaw at sabik sa ligaya ng̃ búhay.

Patuloy ang banayad nilang lakad, at pamaya-maya'y nagsalitâ ang isa:

---Mahal kong kaibigan---ang pasubali ni Sinag-talà---may ilang araw nang linilihí ko ang tayo'y magkásama sa ganitong lakad.

---At bakit? may-mahalaga ka bang sasabihin?

---Hindî naman gaano, ng̃uni't makabuluhang bagay.

---Diyata, kaibigan? Kung gayo'y halina rito at tayo'y maupô.

Yumáo silang dalawa, at sa dî lubhang nalalayo roon ay nilapitan ang malaking ugât na nakalimbutod sa lupa ng̃ isang kahoy na patáy, at doo'y magalak silang nagsiupó.

---Ano ang sasabihin mo?---ang nakang̃iting tanóng ni Lualhati ng̃ sila'y nakaupo na.

---Hindî ka kayá maglihim, kaibigan, sa aking usisain sa iyo?---ang may ng̃iti ring sagot.

---Sabihin mo ná---ang masayang tugon naman ---at kung nalalaman ko'y maaasahan mo ang aking pagtatapat.

---Diyata?

---Tunay.

---Baka hindî?

---Umasa ka.

---Totoo...?

---Totoong totoo..!

Nagkátawanan pa mandin ang dalawang yaon sa gayong sagutan nilá, bago muling nagpatuloy si Sinag-talà.

---Alam kong sa mulâ pa ay mahalaga sa iyo ang ating pagsasama, at hangang sa mg̃a sandaling ito'y umaasa rin akong hindi ka maglilingid sa akin ng̃ ano man lamang, kayâ wala akong alinlang̃an ng̃ paguusisa tungkol kay . . . . . . .

---Kanino? ituloy mo---ang wari'y may pagkasabik na sagot ng̃ kaharap.

---Kay...---at naudlot na namán ang salita, na tila nagaalang̃ang ibigkás ang kanyang nasasaloob.

Alám ni Sinag-talà, na si Lualhati ay isang tapat na kaibigan; ng̃uni't hindi rin naman kailâ sa kanya na hindî ang lahat ng̃ damdamin ng̃ gangaya nilá ay nararapat na ihayag, kahit sa lalong iginagalang ng̃ kanilang búhay.

Tunay ng̃â, na ang di paglilihim ay bung̃a ng̃ mabuting pagsasamahan, at yaon, higit kailan ma'y dapat na sanang maging saksi sa ikatutupad ng̃ kanyang minimithî. Datapwa't bakit siya natigilan? Bakit hindi maihayag ang tunay na tibok ng̃ kanyang pusò...? ¡Ah, sapagka't nalalaman niya ang halaga! Nalalaman niya ang kadakilaan, ang úrì, ang kulay ng̃ kanyang inuusig!

¿At sino si Sinag-talà kay Lualhati at gayon din si Lualhati kay Sinag-talà, na di paglihiman, lubha pa't ibabatay sa ng̃alang pag-ibig? ¡Oh, ang pag-ibig! Ilan sa pang̃alan mo ang nakasapit sa lalong kakilakilabot na hangá!

Sino sino ang nang̃apariwarà dahil sa iyo!

Ilan na ang paniniwalang nabigô, na ikaw rin ang sanhî!

¡Kay taas ng̃ iyong kapangyarihan!

¡Kay laki ng̃ iyong nasasakóp!

Kung minsa'y nagiging saksi ka sa kaapihan ng̃ isáng hindî dapat maapí, at kung minsan nama'y dahil din sa iyo kayâ may mg̃a púsong nakararating sa taluktók ng̃ kaligayahan, at mulâ roo'y inaawit ang kanilang pagwawagí. ¡Kay taas ng̃â at kay laki ng̃ iyong nasasaklaw!... Anopa't sa madaling sabi, kung wala ka, kung wala ang pag-ibig, ay wala rin ang Sangkatauhan . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ilang sandalî ang lumipas na walang umiimik sa dalawang binibini; si Sinag-talà ay patuloy sa pagaalang̃an kung kayâ hindi mabuká sa bibig ang nasang alamín, at si Lualhati nama'y lalong nasasabik sa pagnanasang matalastas kung sino yaong hindi masabisabi sa kanya, bagama't ng̃ mg̃a sandaling yao'y isáng di karaniwang tibók ang nararamdaman sa kanyang puso.

Naalaala ang isáng maligayang *hapon*, sumagì sa kanyang gunitâ ang mapalad na sandalî na kaunaunahang naghatíd ng̃ mahahalagang palaisipan sa kanyang bait, nalarawan sa kanyang mg̃a matá ang magandang tikas ng̃ isang bagong *Florante*, hangang sa nabasa sa sarili ang mg̃a pasáring̃an nilá ng̃ mg̃a sandaling yaon: ---Hahamakin ko ang lahat kung ikaw ang sanhî!—ang malambing na sabi sa kanyá.

---Iya'y kabulaanan.

---Tapát ako sa iyo.

---Sa akin...? Hiwagà! Balintunà!

---Nagaalang̃an ka?

--- . . . . . . . . . . . !

---Bakit di ka sumagot?

---Oh, Makatà, sukat na ang kasinung̃alingan...!!

---¡Oh, Lualhati, dahil lamang sa iyo!

Ang mg̃a huling salitang iyan ang gumigiyagis sa alaala ni Lualhati, sapagka't ang kanyang kaharap, ang kanyang kapanayam ng̃ayon, ay siyang sinumpaan ni Makatà na kaylan ma'y hindi paglililuhan. Datapwa't gaano man kalaki ang mg̃a tuligsàing naghahari sa kanyang pagkukurò, ay hindi nagpahalatâ at masayáng sinabi:

---Sinag-talà, kaibigan ko, bakit hindi mo masabi kung sino yaon, nagaalaala ka ba?

---Hindi...,---ang banayad na tugon.

---Gayon pala'y bakit? Hala, sabihin mo na ---ang may pag-along salita ni Lualhati.

Buntong hining̃a lamang ang bilang naging sagot ni Sinag-talà, at wala nang nasabing ano man.

Nang mg̃a sandaling yao'y napaiilangláng halos ang kanyang diwâ sa malawak na himpawid ng̃ mg̃a suliranin, maiitim na hinagap ang sumusurot sa alaála, pawang masusung̃it na gunitâ ang halos makasunog sa kanyang kaluluwa at katauhan; ano pa ng̃a't ng̃ mg̃a oras na yao'y dalawang bagay na mahalagá ang halos magwindáng ng̃ kanyang pusò:

¡Oh, kung siya'y limutin ni Makata, kung siya'y paglihiman ni Lualhati.........!

Datapuwa't, gaano man kalaki ang kanyang pagdaramdam noon, ay hindi rin lubos makapanaig, palibhasa'y nauulinig pa mandin at nababasa sa kanyang pag-iisip ang matatamis na pang̃ako ng̃ kanyang irog ng̃ huli nilang pagkakaniig, wari'y nababakás pa ng̃ kanyang mg̃a tanaw sa maligayang bughaw ng̃ Lang̃it ang kaaya-ayang sikat ng̃ buan noon, parang sa kanyang mg̃a pandinig ay nakikisaliw pa ang mg̃a salitang:

---Ginigiliw kong Sinag-talà, tang̃ing sa kandung̃an mo lamang malalagot ang aking hining̃á...!

At tinutumbasán namán niya ng̃ malambing na sagot:---Irog kong Makata, ikaw na ikaw lamang ang siyang magaari ng̃ aking pag-ibig, búhay at kaluluwa......! at pagkaraan ng̃ gayong matatamis na paklihan, ay mg̃a piping sumpâ naman ng̃ sinta ang siyang sasaksí sa kanilang pagsisinayâ.

¡Kay palad ng̃ umibig....!

¡Kay ligaya ng̃ ibigin....!

Anopa't ang gayong mahahalagang sanglâ ng̃ kanilang suyuan, ang di magpanibulos sa malung̃i niyang guniguni na, "Ibig nang magkulimlim ang maligayang araw na kanyang hinaharap." Kaya nasabi sa sariling:—

—Hindi maglililo si Makatà sa aming pagiibigan. Ng̃uni't sa kabilâ ng̃ gayong pananalig, ay kung bakit isinusurot mandin sa kanyang gunitâ ang isáng katotohanang masakláp, na siyang pilit nagpapalungkot sa matapat niyang pag-asa; kaya't hindi kinukusa'y napabuntong hining̃á na namán.

---May dinaramdam ka ba?---ang di napigilang tanóng ni Lualhati ng̃ siya'y makitang naghihimutók.

---Wala, tayo na umuwi, tanghali na,—ang malungkot na sagot ni Sinag-talâ, at sinabayan ng̃ tindig.

---At ang sasabihin mo?

---Sa iba ng̃ araw.

---Ah! ayoko.

---Kailan ang iyong ibig?

---Ng̃ayon na.

---Kung gayo'y halina at sasabihin ko sa iyo, sa ating paglakad,---at sabay kinawit ang kamay ni Lualhati, tumindig namán ito, at yumáo na sila.

Parang *malikmata* ang panahon sa kanilang paglakad ng̃ mg̃a sandaling yaon pagka't ni sinoma'y walâ nang umimik, at para bagang nagkakaalam na sila ng̃ mg̃a nasasaloób, at hanggang sa sila'y magkahiwalay ay hindi na naungkat ang natutungkol sa kanilang pinagusapan.

Bawa't isa'y tumahimik, si Sinag-talâ ay sa pag-asang makikilala rin sa panahon ang tunay na kahulugan ng̃ mg̃a bagong hiwaga na namamasid sa kanyang giliw, at si Lualhati nama'y hindi mapagsiya ang totoong kulay at wagás na urì ng̃ mg̃a damdaming nilikha ng̃ kasalukuyang mg̃a araw, na mahinahong inihahandog sa kanyang *musa* at batang pagwawarì, kaya't natira rin sa pag-asang balang araw ay ipakikilala rin ng̃ mg̃a pagkakataon ang tunay na kahulugan ng̃ mg̃a bagong tibók na nararamdaman sa kanyang pusò.

Anopa't, ang dalawa nating binibini, ay kapwa noon may mg̃a sandaling inaantay, upang ganáp na magpakilala sa talagang kahahanganan ng̃ kanilang mg̃a palad...

¡Oh, hiwagà ng̃ pag-ibig............!

TALIBUGSO.

*(Durugtung̃an)*

# HIERÁTICA

En el rincón silente de un templo, ensimismada
Yacía, triste y sola, un alma en oración,
Que al ocultar al mundo su linda faz velada,
Parecía ofrendarlo á Dios el corazón.

Todo negro en su veste, la mística enlutada,
No obstante fulguraba en la augusta mansión;
Y en sus mirares lánguidos de virgen olvidada,
Brillaban los vestigios de una intensa pasión.

Hija de la ternura y del dolor, quién sabe
Si aquella alma, en la aurora de su vida latente,
De crueles fatalismos ha apurado el brevaje....

Porque en su rostro angélico tan dulcemente grave,
Vi un algo que recuerda la luz de un sol muriente,
¡Algo como el desmayo tropical de un paisaje!

PARIS.

*Eleuterio Rodriguez*

ABOGADO

Parañaque, Rizal, I. F.